REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-96

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPAHINTULUTAN AT KARAPATAN ANG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN PARA SA PAGPAPAGAWA NG "RIGHT OF WAY" AT PAGLALAGAY NG "DRAINAGE SYSTEM" SA MAY BAYANAN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN SIYAMNAPU'T ISANG LIBO, TATLONG DAAN LABINGTATLONG PISO AT PITUMPU'T WALONG SENTIMO (₱191,313.78).

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, tungkulin ng pamahalaang bayan na pangalagaan ang kapakanan ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagkonkreto ng "right of way" at ang paglalagay ng "drainage system" ay malaking kaluwagan sa mga mag-aaral at guro ng Mababang Paaralan ng Bayanan (Main);

SAPAGKAT, ang pagpapagawa ng "right of way" at paglalagay ng "drainage system" ay ayon sa isang kasunduan ng mga tagapagmana ng yumaong Fortunato L. Navarro at ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na kinakatawan ng Punongbayan Ignacio R. Bunye;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng karapatan ang Punongbayan Ignacio R. Bunye na pumasok sa isang kasunduan para sa pagpapagawa ng right of way at paglalagay ng drainage system sa may harap ng Bayanan Elementary School (Mababang Paaralan ng Bayanan-Main) na nagkakahalaga ng Isang Daan Siyamnapu't Isang Libo, Tatlong Daan Labingtatlong Piso at Pitumpu't Walong Sentimo (₱191,313.78).

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang panglimampu't tatlong (53rd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-10 ng Abril, 1989.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

pahina 2 -

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Abril 10, 1989